# Iwan mo ang nagpapaalinlangan sa iyo tungo sa hindi nagpapaalinlangan sa iyo."}

Ayon kay Abū Muḥammad Al-Ḥasan bin Alīy bin Abī Ṭālib – ang apo ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang sinisinta nito – na nagsabi: {... Nagsabi ito: "Naisaulo ko mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Iwan mo ang nagpapaalinlangan sa iyo tungo sa hindi nagpapaalinlangan sa iyo."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām An-Nasā'īy]

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pag-iwan ng anumang nagdududa ka hinggil dito kabilang sa mga sinasabi at mga ginagawa – kung ito ba ay sinasaway o hindi, kung ito ba ay bawal o pinahihintulutan – tungo sa anumang hindi nagdududa ka hinggil dito kabilang sa anumang nakapagtiyak ka sa kagandahan nito o pagkaipinahihintulot nito.